



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

7116

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

MINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG
ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 11 NOYEMBRE 1996, IKA -
9:00 NG UMAGA SA BULAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dinapilis - Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ramil O. Dinapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Ranulfo C. Bernal
Kagawad Juanito A. Bacey, Jr.
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President

Absent:

Kagawad Randy P. Valencia - SK Chairman

KAPASYAHAN BLO. 121
Taong 1996

KAPASYAHANG MAPITAGANG ITINUTUKOY SA KOG. SENADOR
EDUARDO J. ANGARA ANG RESOLUSYON NG KAHILINGAN NG
BARANGAY SAN RAFAEL NG KARAGDAGANG PONDONG LIMAN-
DAANG LIBONG PISO (P500,000.00) PARA SA PAGPAPA-
GAMA NG KANILANG "SPRING DEVELOPMENT PROJECT".

SAPAGKA'T ang tubig, lalo na ang malinis na immin ay isa sa mga
pangunahing pangangailangan ng tao upang nabuhay at sa
maranging kaparaanin simula pa sa ating mga ninuno, ang
pagsasagawa ng mga pamamaraan upang magkaroon nito sa
alimang komunidad ng tao sa tawina'y pinagkaisipan at
pinagtutulungan ng lahat;

SAPAGKA'T ang Barangay San Rafael ay may mga likas na yasang tubig,
ang kanyang mga bukal na kinakailangan lamang sinupin at
pagmamahin upang lubos na mapakinabangan ng tao;

SAPAGKA'T dahil sa kinakailangang napangalagaan ang kalusugan ng
mga mamamayan laban sa mga sakit na dulot ng tubig-inuming
nakukuha sa mga bukal at mababaw na mga balon, minarapat
ng mga mamamayan ng Barangay San Rafael na ang pangangail-
langang ito ay idulog sa mga ahensya at taong sangkot sa
ganitong proyektong pangkainlaran;

SAPAGKA'T ang Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay nag-
laan ng pondong Isandaang Libong Piso (P100,000.00) para
sa spring development project na ito, gayundin ang Foster
Parents Plan International, isang NGO na nakabase sa lugal
ay nag-ambag din ng tulong na P60,000 upang masimulan ang
kapaki-pakinabangan na proyektong ito;

SAPAGKA'T ang mga nabanggit na halaga ay hindi sapat upang matapos
ang nasabing proyekto kaya't ito ay inilalapit sa iba pang
tao at ahensya sa pamahalaang nasyonal para sa karagdagan
tulong na pinasyal; at

[Handwritten signature]

[Handwritten signature]

SAPAKKA'T ang kahilingan sa karagdagang pondong limandaang libong piso (P500,000.00) ay napitagang ipinaabot ng Barangay San Rafael sa Kgg. Edgardo J. Angara at dito'y hiniling ang tulong ng lokal na pamunuan para sa kinakailangang suporta.

SAPAKKA'T para sa ikabubuti ng pamayanan ng Barangay San Rafael at ng mga karatig barangay na nakikilabang sa maraming kaparuran sa proyektong ito, napagkasunduan ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro na ang nasabing kahilingan ay napitagang idulog at itukoy sa Kgg. Edgardo J. Angara para sa karagdagang pondong kinakailangan.


DAHIL DITO sa mungkahi ni Kagawad Maril O. Dimapilis na sinangayunan ni Kagawad Juanito A. Pasay, Jr. -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na napitagang itukoy sa Kgg. Senador Edgardo J. Angara ang resolusyong kahilingan ng Barangay San Rafael sa karagdagang pondong limandaang libong piso para sa pagpapagawa ng kanilang "spring development project" lakip ang dalangin ito nawa ay pag-ukulan ng Kgg. Senador Edgardo J. Angara ng masuul at naayong pagpapasiya.

IPINASIYA RIN na ipadala ang sipi ng resolusyong ito sa Kgg. EDGARDO J. ANGARA, Senador ng Republika ng Pilipinas, 2nd Floor, Marbella Bldg. II, 2071 Roxas Blvd., Pasay City para sa kanilang maagap na pag-aksyon.

Pinagtibay: 11 Nobyembre 1996

CERTIFIED CORRECT:


VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:


JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor/
Presiding Officer

APPROVED:


GLICERIO I. YASON
Municipal Mayor

mjsr/
1111496